**Dahilan, Karanasan at Patutunguhan: Mga Kwento ng Apat na Estudyanteng Nagbebenta ng Katawan**

**GWENDALYN T. ABUBO**

Isang Di-gwadradong tesina na ipinasa sakaguruan ng Departamento ng Sikolohiya,

Kolehiyo ng Sining at Agham, Pamapamahalaang Unbersidad ng Gitnang

Luzon, Lungsod Agham ng Munoz, Nueva Ecija, Bilang

katuparan ng mga Pangangailangan para

sa Kursong

**BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA**

**Hunyo 2017**

Ang di- gradwadong tesina na may pamagat na **DAHILAN, PAMAMARAAN AT DULOT SA PAGBEBENTA NG LAMAN: KASO NG LIMANG KOLEHIYALA** at ipinasa ni **GWENDALYN TIMBOL ABUBO** bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA** ay tinggap at sinang-ayunan.

**NIXON V. AGASER**
Tagapayo
06-08-2017
Petsa

**ROBINSON Z. LUMONTOD III**
Tagasuri
06-07-2017
Petsa

Tinggap at sinang- ayunan bilang pagtupad sa mga pangangailangan para sa kursong **BATSILYER NG SINING SA SIKOLOHIYA.**

**NIXON V. AGASER**
Tagapangulo
06-08-2017
Petsa

**ANNA MA.LOURDES S. LATONIO, Ph. D.**
Tagapamahala ng Pananaliksik
06-08-2017
Petsa

**MYRNA R. UMAGAT, Ph. D**
Dekano
06-09-2017
Petsa

# ANG MAY AKDA

## PERSONAL NA DATOS

| | |
|---|---|
| Pangalan: | Gwendalyn Abubo |
| Kapanganakan: | July 15, 1989 |
| Lugar ng Kapanganakan: | San Jose City, Nueva Ecija |
| Tirahan: | Zone 1 Brgy. Caanawan, San Jose City, Nueva Ecija |
| Relihiyon: | Born Again Christian |
| Pangalan ng Ama: | Danilo C. Abubo |
| Pangalan ng Ina: | Felicisima T. Abubo |

## MGA PAARALANG PINASUKAN

| | |
|---|---|
| Elementarya: | St. Joseph Elementary School<br>Abril, 2000 |
| Sekondarya: | Bettbien High School<br>Abril, 2004 |
| Tersra: | Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya,<br>Central Luzon State University,<br>Lungsod Agham ng Muñoz,<br>Nueva Ecija<br>Hunyo, 2017 |

## MGA KINABILANGANG AKTIBIDAD

Seminar

20th Psychology Student Research Congress

Theme: "Positive Psychology: Hamessing Optimism though Research and Practice"

Marso 7, 2014

University Auditorium, CLSU

Trainee

200 hours On the Job Training Program

Hunyo 14 hanggang Hulyo 24 2016

Baguio General and Medical Hospital, Baguio City

Seminar

Psychological Association of the Philippines 2017

Enero 20-21, 2017

MOA SMX Convention Center and FEU, Manila

# PASASALAMAT

Ang aking malaking pasasalamat, pagpapahalaga at pagkalugod sa mga taong sumuporta at tumulong sa aking pag-aaral na maging posible.

Sa aking tagapagpayo, **Mr. Nixon V. Agaser** sa pagtanggap sa akin bilang isa sa iyong ginabayan sa paggawa ng tesina, salamat po sa suporta, pag-aasikaso at sa mga payo na inyong ginugol upang maging maganda at maayos ang aking pag-aaral. Maraming salamat po Sir!

Sa aking tagasuri, **Mr. Robinson Z. Lumontod III,** sa mga komento at gabay na iyong binigay sa pamamagitan ng iyong mga kaalaman, sa suporta at tiwala upang maging maayos at mapaganda ang aking pag-aaral. **Mr. Angelo Dullas,** sa binigay na kumento at mungkahi na iyong ibinihagi para maisaayos ang aking pag-aaral sa aking tesina 1at **Mr. Wawie DG. Ruiz** na siyang na patuloy sa pagbibigay mungkahi sa aking tesina 2 upang mabigyang dagdag kagandanhan ang aking pag-aaral. Maraming maraming salamat po!

Sa kinauutangan ko ng aking buhay, ang aking magulang **Mr. Danilo at Ms. Felicisima,** na naging gabay at nagbigay inspirasyon sa akin na magkaroon ng lakas ng loob upang magtagumpay sa larangan ng pag-aaral, na hindi nagsawang tumayong magulang din sa aking mga anak upang alagaan kapag ako ay papasok sa paaralan. Maraming salamat po hindi ko makakalimutan ang sakripisyo na binigay ninyo upang makapagtapos ako muli.

Sa aking kapatid **Sharmine A. Go** na nagbigay daan upang makapag-aral ako muli na siyang nagbigay suportang pinansyal pati rin sa pagbibigay lakas ng loob upang mag-aral ulit. Salamat kapatid dahil napabusilak ng puso mo sa pagbibigay.

Sa aking asawa **Richmond Asuncion** na nagbibigay pagmamahal at suporta sa akin upang mapagtagumpayan ang bawat hirap na nararanasan ko sa aking pag-aaral at hindi nagsawa na kamustahin ang paggawa ko ng tesina sa araw-araw kahit na nasa ibang bansa siya. Maraming salamat sa aking mga anak **Richenda Lara Asuncion at Mark**

**Asuncion** na naging inspirasyon ko na kahit mahirap mapagsabay ang pag-aalaga ko sa inyo at mag-aaral ay nakaya ko dahil gusto ko din mabigyan kayo ng magandang buhay.

Sa aking mga kaibigan, **Melvin, Ivy, Reena, Reynoso, Karen, Nhova, Mea, Georgina, Doreen at Keana**, na naging kasama ko sa mga bagay- bagay lalo na sa pag-aaral, lagi nandiyan upang magbigay suporta, payo sa mga bagay-bagay at pagpapatawa sa akin. Sa wakas sabay sabay tayong matatapos na may saya sa puso. Maraming marami salamat sa pagmamahal at pagmamalasakit ninyo.

Sa lagi kong kasama sa lahat ng bagay lalo na sa paggawa ng tesina **Shiela Dianne**, sa walang sawang magbukas ng bahay upang patugin ako at pagbibigay ng kumento sa paggawa ko ng tesina. Ikaw ang naging kasama ko sa pagsisimula ng hirap sa araw ng ating paggawa ng tesina at sa sabay tayong matatapos na may ngiti sa mga labi at saya sa ating puso. Salamat at Congratulations sa iyo!

At ang pinamahalaga, **Panginoong Diyos** na nagbigay sa aking ng buhay, ang nagbigay ng mga taong naging instrument upang makapag-aral ako muli. Ang nagkaloob ng karunungan mula noong ako'y nagsimula sa pag-aaral hanggang sa paggawa ng tesina upang makapagtapos ng pag-aaral hanggang sa paggawa ng tesina upang makapagtapos ng pag-aaral. Maraming maraming salamat po sa gabay at nagpakita kung gaano kahalaga ang buhay. Papuri po sa iyong kadakilaan!

Gwendalyn T. Abubo

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


**PAMAGAT NG PAG-AARAL** i

**DAHON NG PATUNAY** ii

**ANG MAY AKDA** iii

**PASASALAMAT** v

**TALAAN NG NILALAMAN** vii

**LISTAHAN NG MGA APENDIS** ix

**ABSTRAK** x

**PANIMULA**

Pasada ng mga Kaugnay na Literatura ng Pag-aaral 1

Paglalahad ng Suliranin 6

Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral 7

Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral 9

**PAMAMARAAN NG PAG-AARAL**

Disenyo ng Pag-aaral 10

Mga Kalahok 10

Pamamaraan ng Pagkuha ng Datos 10

Pagbibigay Saysay sa mga Datos 11

**RESULTA**

Unang Kalahok 12

Ikalawang Kalahok 18

Ikatlong Kalahok 28

Ikaapat na Kalahok 34

**DISKUSYON** 44

**KONKLUSYON** 52

**REKOMENDASYON** 55

**BATAYAN** 57

**MGA APENDIS** 61

# LISTAHAN NG APENDIS


| APENDIS | PAMAGAT | PAHINA |
|---|---|---|
| 1. | Batayang Katanungan | 61 |
| 2. | Consent para sa mga Kalahok | 62 |

# ABSTRAK

**ABUBO, GWENDALYN T. ,** Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya, Departamento ng Sikolohiya, Kolehiyo ng Sining at Agham, Pamahalaang Pamantasan ng Gitnang Luzon, Lungsod Agham ng Muñoz, Nueva Ecija, Pilipinas. **DAHILAN, KARANASAN AT PATUTUNGUHAN: MGA KWENTO NG APAT NA ESTUDYANTENG NAGBEBENTA NG KATAWAN.**

**Tagapayo:** Nixon V. Agaser

Ito ay kwalitatibong at deskriptib na uri ng pag-aaral na naglalayong ilahad at ilarawan ang mga napiling baryabols ukol sa pagbebenta ng katawan bilang dahilan, karanasan at patutunguhan nila. Ang pag-aaral na ito ay lumabas na ang dahilan ng mga kalahok sa pagbebenta ng katawan ay ang mga sumusunod ang kahirapan, kawalan ng suporta at gabay ng magulang at kagustuhang tumulong sa pamilya. Ang naging karanasan nila sa pagbebenta ng katawan ay nawala ang pagiging birhen, ang pagkakaroon ng takot at kaba sa unang karanasan, paraan ng pagkalap ng kliyente, paraan ng bayaran, upang iwas sa sakit at hindi mabuntis, napagsasabay ang pag-aaral at ang trabaho, naging matapang sa buhay at mga nakukuhang benepisyo sa kanyang trabaho. sa trabahong pagbebenta ng katawan ay may patutunguhan ang mga kalahok, ito ay makapagtapos ng pag-aaral, pangarap at magkaroon ng pamilya sa hinaharap.

## Konklusyon

Ang pagbebenta ng katawan ay isang trabahong hindi kadalian kumpara sa mga trabahong legal at normal sa ating lipunan. Ang trabahong ito ay kinakakilangan itaya ang dignidad o dangal para sa inaasam na kapalit.

- Ang mga kolehiyalang kalahok ay may mga dahilan sa pagpasok sa trabahong pagbebenta ng katawan. Ang pinansyal na pangangailan, kawalan ng suporta at gabay ng magulang at ang kagustuhang tumulong sa pamilya ang siyang natulak sa mga kalahok na pasukin ang trabahong pagbebenta ng katawan.
- Nais ng bawat kalahok na makapag-aral at makapagtapos, gumawa sila ng paraan upang makamit ang kanilang mga mithiin o pangarap sa buhay. Hindi nawawala sa dahilan ang kahirapan sapagkat wala silang sapat na pera upang makapag-aral at upang matugunan ang mga pangangailangan sa kanilang buhay kung kaya't pinili nilang magbigay serbisyo sa kanilang nagiging kliyente kapalit ng pangtustus sa kanilang pangangailangan.
- Nagkaroon ng iba't- ibang karanasan ang mga kalahok sa pagpasok sa trabahong pagbebenta ng katawan. Nawala ang pagiging isang birhen nila mula ng pinasok nila ang pagbibigay serbisyo sa mga kliyenteng gustong matugunan ang panandaliang aliw. Sa karanasan nila sa larangan ng trabahong ito mas naging matatag sila sa bawat pagsubok na dating at dumadating sa kanilang buhay sapagkat natuto silang tumayo sa sarili nilang paa at magkaroon ng lakas loob upang makapagpatuloy at makatapos ng pag-aaral.

Akademikong Prostitusyon

- Hindi mawawala ang kaba at takot sa una nilang karanasan sa pakikipagtatalik sapagkat dalawa sa mga kalahok ang walang karanasan sa pakikipagtalik. Ang takot nila na nararamdaman ay hindi maiiawasan kapag dalawa na lang sila ng kanilang mga kliyente sa loob ng hotel.
- Sa karanasan ng mga kolehiyalang kalahok sa kanilang naging mga kliyente ay hindi nawala ang pag-iingat nila sa kanilang sarili at kanilang kalusugan. Sa bawat pagtatalik na ibinibigay nilang serbisyo ay nagpapagamit sila ng condom sa kanilang mga kliyente upang maiwasan ang sakit na maari nilang makuha at upang hindi sila mabuntis. dalawa sa mga kalahok ang gumagamit ng pills upang maiwasan ang pagbubuntis. Tatlo sa mga kalahok ang nagpapap-smear upang makasiguardo sila na wala silang nakukuhang sakit.
- Iba't- iba din ang paraan ng pakikipagtransaksyon nila sa kanilang kliyente sapagkat tatlo sa kanila sa bar pumapasok kung kaya't ang kinikita nila ay hindi buo ngunit kapag direktang nakikipagtransaksyon sa kanilang kliyente ay buo ang bayad na kanilang natatanggap. Isa sa mga estudyanteng nagbebenta ng katawan ay tumatambay sa labas ng hotel upang makuha ng kliyente at pagkatapos ng kanyang serbisyo ay buo niyang nakukuha ang kanyang bayad.
- Naranasan ng mga kalahok ang hirap at pagod sa pisikal at emosyonal na aspeto. Ang kanilang pagod upang kumita at matugunan ang kanilang pangangailangan ay nagiging mahirap sapagkat gising sila kapag gabi at kailangan nilang pumasok sa umaga kahit na hindi sila *full load*. Pinapasan ang hirap na kanilang dinaranas para sa kanilang kinabukasan.

Akademikong Prostitusyon

- Sa kabila ng kanilang trabaho ay naniniwala silang mayroon din patutunguhan ang pagbebenta nila ng katawan. May mga pangarap silang binubuo katulad na lamang ng pagtatapos ng kanilang pag-aaral, magkaroon ng permanenteng trabaho, makapagpatayo ng sariling negosyo at maitaguyod ang pamilya sa kahirapan. Kung sakaling sila ay magkaroon na ng pamilya ay isa sa mga kalahok ang may lakas ng loob na hindi ilihim ang trabahong tumulong sa kaniya upang makapagtapos ng pag-aaral samantala naman ang tatlong kalahok ay ililihim ngunit ito'y mabunyag ay ipapaliwanag nila sa magiging asawa at anak nila na dahil sa trabahong pagbebenta ng katawan ay nagkaroon ng paraan upang makapagtapos sila ng pag-aaral.
- Batay sa teorya ng pagdadala model, upang makapag-aral, matugunan ang pangangailangan saaraw-araw, matulungan ang pamilya at magkaroon ng maginhawang buhay ang naging naging dahilan, karanasan at mithiin ng mga kalahok na siyang nagtulak sa kanila upang pasukin ang pagbebenta ng katawan. Dito ay nabigyang larawan ang patutunguhan ng mga kalahok sa pagbebenta ng kanilang katawan sa nais nilang makamit pagnakatapos sa kanilang pag-aaaral, mga pangarap at mithiin sa buhay na binubuo sa kanilang hinaharap.